

DISCLAIMER

MAHALAGANG PAALALA: Ang mga pangalan, sitwasyon at ang mga nilalaman ng anim na kuwentong nakapaloob sa compilation na ito ay hango sa totoong buhay. Ang mga pangalan ng mga tao sa loob ng kuwento ay pagmamay-ari ng mga taong namayapa sa karumal-dumal na pangyayari. Ang mga sitwasyon na mababasa ay hango sa totoong karanasan ng mga taong mababanggit. Mangyaring mag-alay ng panalangin bago mag-umpisa. Kung nakakaramdam ka ng kakaiba habang nagbabasa, pakiusap, itigil mo na.

Panghuling paalala: Huwag basahin nang mag-isa. Siguraduhing may kasama ka at nakabukas ang lahat ng ilaw. Kung magbabasa sa gabi, siguraduhing maingay ang lugar kung saan ka magbabasa. Huwag basahin sa oras na alas tres.

In loving memory of Gwen and Richmond who died last 2012 in a bus accident in Compostella Valley; Axel of Cebu City who died because suicide; Catherine of Butuan City; Thea who died last 2010; and to Genesis.

May you all rest in peace. Amen.

***Huwag isisisi sa may-akda kung may mangyari mang masama sa iyo o sa katinuan mo pagkatapos mong basahin ang buong librong ito. TANDAAN: Pinaalalahanan na kita. Don't proceed without uttering a single prayer.

PANIMULA

Mahiwaga ang oras na alas tres.

Sa oras na ito, madalas naglalakbay ang kamatayan.

Madalas niyang kinukuha ang buhay sa oras na ito.

At sa kasamaang palad, isa ang buhay ko na napili niyang kunin sa oras na...

ALAS TRES.

WAITING SHED

Hindi ko alam kung saan ako pupunta ngayon. Sa kabilang bayan? Sa kabilang dimensyon? Ewan, hindi ko alam.

Alas tres na ng madaling araw, umuulan at wala na akong mga taong nakikita maliban sa mga sasakyang dumadaan sa malapad na kalsadang nasa harapan ko.

Wala akong ibang naririnig kundi ang pagpatak ng ulan sa bubong ng waiting shed na sinisilungan ko. Kasabay rin ng pagbuhos ng ulan ang pagbuhos ng luha mula sa mga mata ko. Tila nakikiramay ang panahon sa aking nararamdaman. Malungkot. Sobrang lungkot.

Alas tres na ng madaling araw, madilim ang paligid at tanging kulay dilaw na ilaw lang ng mga poste ang nagbibigay-liwanag sa malungkot na kalsadang nasa harapan ng waiting shed na sinisilungan ko.

Bagaman nakakaramdam ako ng bigat ng loob at pangingin dahil sa pinaghalong takot at kaba ay pinigilan ko ang sarili kong makaramdam ng pagkalito. Gusto ko mang tanungin ang sarili ko kung paano ako napadpad sa lugar na ito ay wala talaga akong maalala.

Sa oras na iyon, pinagmamasdan ko ang kahabaan ng daan, nagbabakasakaling may dumaan pang

sasakyan na puwedeng sakyan ko pauwi.

At hindi nga ako nagkamali, isang bus ang huminto sa harapan ko, dali-dali akong sumakay roon kahit hindi ko alam kung saan ako bababa. Oo, hindi ko alam. Wala akong alam, sa kadahilanang wala akong maalala.

Napatingin ako sa loob ng bus, halos puno na iyon maliban sa pangatlong upuan mula sa likuran ng driver's seat kung saan nakaupo ang isang lalaking nakapuwesto sa tabi ng bintana ng bus.

Mukhang tulog na tulog na ang lalaki pero hindi rin ako sigurado kung natutulog ba siya dahil natatakpan ng shades ang kanyang mga mata.

Umupo ako sa tabi niya, gusto ko sana siyang kausapin pero nagdadalawang-isip ako dahil baka hindi niya bigyang-pansin ang mga sasabihin ko.

Dahil sa lubos na pagod ay napasandal ako sa balikat niya at hindi ko namalayan na napahimbing na pala ako sa pagtulog.

Sa pagtulog ko, wala akong ibang naiisip kundi kung ano ba talaga ang nangyari sa akin sa mga nakalipas na oras. Papanong napadpad ako sa waiting shed na iyon? Bakit wala akong maalala? Ano ba ang nangyari sa 'kin?

Basta ang alam ko lang ay nagising ako sa isang waiting shed na umiiyak sa hindi ko malamang dahilan at bukod pa roon ay wala na akong iba pang maalala.

“Miss? Miss! Oy, gising!”

Nagising ako mula sa pagkakaidlip nang may narinig akong boses. Dahan-dahan kong idinilat ang mga mata ko.

“Miss? Saan ka ba hihinto? Alam mo bang tayo na lang ang natitirang pasahero sa bus na ito?” aniya.

Napalingon ako sa likuran at wala na ngang ibang pasahero. Kinabahan ako.

“Dito lang po ako!” pasigaw kong sabi sa driver, at inihinto niya naman ito sa tapat ng isang waiting shed.

Kinapa ko ang bulsa ko, pero wala iyong lamang pera.

“Sige, mauna ka na. Ako na lang ang magbabayad sa 'yo,” sabi ng lalaking katabi ko at binigyan niya ako ng matamis na ngiti na naging dahilan upang makaramdam ako ng gaan ng loob.

“Salamat,” tugon ko saka at dahan-dahang naglakad palabas ng bus.

Kahit natatakpan ang kanyang mga mata ng shades ay nakikita ko pa rin ang kasiyahang nadarama niya sa pamamagitan ng ngiting ipinupukol niya sa akin. Ang bait niya sobra. Estranghero siya pero parang ang gaan-gaan ng loob ko sa kanya. Bukod pa roon, inaamin kong guwapo siya. Napakakisig. Napakaganda ng ilong niya maging ang kanyang mga ngiti. Malaki rin ang katawan niya at bumabakat sa kanyang t-shirt ang muscles niya.

Bago ako bumaba, nakita kong ngumiti siya at kumaway sa akin. Umalis na iyong bus at naiwan

akong nakaupo sa waiting shed.

Makalipas ang ilang minutong pagkakaupo ay medyo nakaramdam ako ng konting kaba dahil napagtanto kong ito rin iyong parehong waiting shed kung saan ako nanggaling kanina. Paanong napadpad ulit ako dito? Imposibleng umikot lang iyong bus na sinakyan ko, kasi sa pagkakaalala ko, diretso iyong daan na dinaanan namin.

Bagamat dumalaw ang matinding kaba sa isipan ko ay hindi ko ito hinayaang magpunyagi sa isipan ko. Nanatili akong kalmado.

Umuulan na naman at nakakaramdam ako ng konting ginaw. Wala akong ibang magawa kundi umupo roon at hintaying dumating ang umaga. Hindi ko rin naman alam kung saan ako uuwi at wala rin akong ibang natatandaan bukod sa pangalan ko.

Napaidlip ako sa waiting shed na sinisilungan ko at makalipas ang ilang minuto ay nagising ako nang may bus ang huminto sa harapan ko. Nang tuluyan kong imulat ang mga mata ko ay nakita kong bumaba ang isang lalaki na may dalang isang maleta at isang backpack. Iyon iyong mismong lalaking katabi ko kanina sa bus.

Gumapang ang matinding pagtataka sa isipan ko. Ano ang ginagawa niya dito?

“Sa iyo ba ito?” tanong niya sa akin habang nakangiti at inaabot sa ‘kin ang isang pendant watch.

“Oo, sa akin ito.” Kinuha ko iyong relo sa kamay

niya.

“Naiwan mo yata nang sumakay ka sa bus,” tugon niya saka umupo sa tabi ko.

Sa di ko malamang dahilan ay bigla akong nakaramdam ng kakaiba sa kanya. Iyong tipo na para bang nakita ko na siya dati.

Bigla akong namula nang mahuli niya akong nakatingin sa kanya. Bago pa man niya mahalatang naiilang ako ay agad na akong nagsalita.

“Kaya ka ba pumunta dito para ibalik lang ‘tong pendant watch ko?” tanong ko sa kanya at tumango siya bilang sagot.

Pinagmamasdan ko lang siya ngayon, nakatingin lang siya sa malayo at nang tinanggal niya ang shades niya ay napangiti ako. His eyes were full of happiness. He looked like an angel.

“Ganyan ba talaga ako kaguwapo para titigan mo nang ganyan?” Sa sinabi niyang iyon ay iniwas ko agad ang tingin ko sa kanya. Yumuko ako nang bahagya nang sa gayon ay hindi niya makita ang namumula kong pisngi. Nakakahiya.

“Okay lang iyon, sanay naman akong tinititigan ng mga babae nang matagal.”

Napanganga ako sa sinabi niya. Bumabagyo yata! Ang lakas ng hangin!

“Nagbibiro lang,” pambawi niya. “By the way, I’m Richmond Ong at ikaw? Puwede ko bang malaman ang pangalan mo?”

“G-Gwen Lopez,” sabi ko sa kanya habang nakayuko at nauutal. Kinuha niya ang kanang kamay ko at nakipagkamay sa akin.

“Sige, Gwen, nice meeting you, ‘Una na ‘ko ha?” Tumayo na siya. Naglakad siya nang kaunti at pumara ng bus na papalapit sa direksyon niya.

Nang makasakay na siya ay nakaramdam ulit ako ng lungkot. Mag-iisa na naman ako sa waiting shed na ito. Umuulan ngayon at naisip ko bigla si Richmond.

Sino kaya siya? Ang bait niya naman para ibalik sa ‘kin ang sirang pendant watch ko.

Luma na ito at parang hindi na rin gumagana. Sana hindi niya na lang ibinalik. Nagsayang pa siya ng oras. Hindi ko rin naman matandaan kung sino ang nagbigay nito sa akin. Useless na iyon.

Pinagmasdan ko ang relo. Nakaturo ang malaking kamay sa twelve at ang maliit naman na kamay ay nakaturo sa three. Alas tres.

Ales tres iyong oras sa pendant pero hindi na ito umaandar. *Nasira nga siguro*, naisip ko.

Inisip ko ulit nang maigi kung paano ba talaga ako napadpad sa waiting shed na ito, pero kahit katiting wala akong maalala. Sumakit lang yata ang ulo ko.

Makalipas ang ilang minuto, isang bus ang huminto sa harapan ng waiting shed. Ano kaya kung sumakay ako? Gusto ko nang makauwi, kahit hindi ko alam kung saan. Wala rin naman sigurong masama kung susubukan ko.

Halos puno na ang bus maliban na lang sa ikatlong upuan mula sa driver seat kung saan nakaupo si... si... Richmond!

Nakaramdam ako ng matinding kaba. Bakit ganito? Bakit parang naulit yata ang eksenang ito? Napatingin ako sa ibang pasahero. Sila rin iyong mga pasaherong kasama ko kanina pero sa puntong ito ay may kakaiba. Walang ekspresyon ang mga mata nila. Ni hindi sila kumukurap o di... o di kaya'y humihinga.

Napatingin ako sa driver. Ganoon din siya.

Sa kabila ng kaba at pagtataakang naramdaman ko ay lumapit pa rin ako sa natutulog na si Richmond at di ko namalayan na nakatulog na pala ako.

“Gwen? Gwen?” narinig ko ang boses ni Richmond na tila ginigising ako. Naidilat ko ang aking mga mata.

“Gwen, alam mo bang tayo na lang ang natitirang pasahero sa bus na ‘to? Saan ka ba hihinto? Ako na ang magbabayad.”

“Dito. Dito ako hihinto.” Bumaba ako nang may halong pagtataka. Tama nga ang hinala ko, paulit-ulit nga ang nangyayari. Sa parehong waiting shed rin ako ibinaba ng bus.

At makalipas rin ang ilang minuto ay may humintong bus sa harap ng waiting shed at nakita ko ulit na bumaba si Richmond.

“Sa’yo ba ‘to? Naiwan mo yata nung sumakay ka sa bus.” Ibinigay niya sa ‘kin ang pendant watch ko at makalipas ang ilang minuto umalis na ulit siya kagaya

ng nangyari kanina.

Mga apat na beses naulit ang mga senaryong ito: sasakay ako sa bus, bababa sa parehong waiting shed at babalik si Richmond para ibigay ang relo ko. Paulit-ulit lang.

Ngayon, nandito na ako ulit sa waiting shed at alam kong babalik ulit ang bus na iyon at hihinto ulit sa harap ko.

Papalapit na iyong bus at huminto ito sa harapan ng waiting shed kung saan ako nakaupo, nakita kong bumaba si Richmond at ibinigay ulit sa akin ang pendant watch, makikipagkamayan at paulit-ulit lang na bibigkasin ang mga sinabi niya sa nauna pang mga senaryo pagkatapos ay pumara ulit siya sa parehong bus. Pero bago siya umalis...

“Richmond? Ano ba ang nangyayari? Bakit nauulit ang lahat?” sabi ko sa kanya habang umiiyak. Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Litong-lito na kasi ako.

“Sige, Gwen, mauna na ako,” sabi niya at tuluyan na siyang pumasok sa bus nang hindi man lang sinasagot ang tanong ko.

Bigla akong napaluhod. Bakit paulit-ulit ang lahat? Napahagulgol ako pagkalitong naramdaman. Ano ba talaga ang nangyayari?

Napahinto ako sa pag-iyak nang sumagi sa isip ko ang isang ideya. Alam kong babalik ang bus na iyon at sa oras na babalik na ito ay sisiguraduhin kong hindi na mauulit ang mga nangyaring eksena.

Makalipas ang kalahating oras ay nakita kong papalapit na ang bus, pumagitna ako sa kalsada, ilang metro na lang ang pagitan ng bus sa 'kin at alam kong sa ilang sandali ay mawawala na ako.

Pero nagkamali ako, lumihis ang direksyon ng bus para iwasan ako, nakita kong nabangga ito sa isang malaking kahoy sa gilid ng daan.

Nilapitan ko ang bus at pumasok doon. Halos lumuwa ang mga mata ko sa nakita.

Unang napansin ko ang nagkalasog-lasog na katawan ng driver. Nagkahiwa-hiwalay ang parte ng mga katawan niya na para bang karneng tinadtad nang walang awa.

Napatakip ako ng bibig at halos mapalundag ako nang biglang gumulong ang ulo ng driver sa paanan ko na naging dahilan upang napasigaw ako nang malakas. Napahagulgol ako at napatakbo sa loob ng bus. Nakita ko si Richmond na duguan at tila wala nang buhay, nilapitan ko siya at nakita kong yakap-yakap niya ang isang babae.

Sa sobrang pagtataka ko ay lumapit ako sa babae at halos mawalan ako ng hininga nang makita kong AKO ang babaeng iyon.

Ito ba 'yung sagot sa katanungan ko? Ibig sabihin ba nito ay... patay na ako?

Hindi... Hindi maaari!

Napahinto ako sa pag-iyak nang makita ko ang isang pamilyar na bagay sa kamay ni Richmond—ang

pendant watch ko!

Mula sa kanyang mga kamay ay agad ko itong kinuha at maiging pinagmasdan, hindi na ito umaandar at ang tanging itinuturong oras nito ay ang oras na...

ALAS TRES.

Binuksan ko ang pendant watch at bumuhos ang luha ko sa nakita ko sa loob nito. Nakita ko ang picture ni Richmond at picture ko na may nakalagay na...

“HAPPY ANNIVERSARY!”

Nang mabasa ko ang dalawang katagang iyon ay biglang sumikip ang dibdib ko hanggang sa mawalan ako ng hininga.

Naalala ko na ang lahat.

“Gwen? Gwen?” narinig ko ang boses ni Richmond na tila ginigising ako.

“Happy anniversary.” Hinalikan niya ako pagkatapos ay isinuot sa akin ang kuwintas. Bigla akong nanibago sa senaryong nakita ko. Buhay ako at buhay si Richmond.

“Richmond!” Napayakap ako sa binata. Buhay kami. Buhay na buhay!

“Isn’t it beautiful?” Kumalas siya at pinagmasdan ang regalo niyang nakasabit na sa leeg ko.

Tumango ako bilang sagot.

“Aren’t you afraid na tatakas tayo?” tanong niya.

Nginitian ko lang siya bilang sagot at napahawak na lang sa tiyan.

“Baby? Naririnig mo ba si Daddy?” sabi ni

Richmond habang kinakausap ang dinadala ko sa aking sinapupunan. Oo, tatlong buwan na akong buntis at tumakas kami ng nobyo ko dahil ayaw ng mga magulang ko sa kanya at ang mas malala, gusto nilang ipalaglag ko ang baby ko dahil malas daw ito. Magiging hadlang daw ito upang hindi ako makakapag-review para sa darating na licensure examination.

Ganoon din ang mga magulang ni Richmond. Gusto nilang ipapatay ang anak namin dahil makakasagabal daw ito sa pagkamit ng mga pangarap nila para sa anak nila. Pero para sa amin ng aking nobyo, ang baby na ito ay isang napakalaking biyaya mula sa Maykapal. Paninindigan namin ito.

“Mahal kita, Gwen,” sabi ni Richmond habang inaayos ang buhok ko at nakatitig sa mga mata ko.

“Mahal din kita.” Agad niya akong hinalikan. Matapos ang matamis na halik na iyon ay isinandal ko ang ulo ko sa kanyang balikat.

Napalington ako sa kabilang bintana. Nakita ko ang ang malungkot na waiting shed. At kung hindi ako nagkakamali ay nakita ko ang isang babaeng duguan at nanlilisk ang mga mata. Parang may hinihintay siya habang hawak ang isang pendant watch.

Kinabahan ako. Ang pendant watch na iyon ay katulad ng sa 'kin. At ang hubog ng pangangatawan, ang haba ng buhok ng babaeng duguan na nakaupo sa waiting shed ay katulad na katulad ng sa 'kin. Ako nga

ang babaeng iyon.

Napatingin ako sa oras sa pendant watch, 2:58 am. Ilang segundo na lang para mag-alas tres. Naisip ko bigla ang mga nangyari kanina. Mula sa pagdating ng bus sa waiting shed, mula sa pagbalik ni Richmond ng pendant watch ko at mula sa pagkabangga ng bus na ito... lahat ng iyon ay nangyari sa oras na... alas tres.

“Gwen? Bakit ka namumutla? May masakit ba?” tanong ni Richmond nang makita niya ang mukha ko. Hindi na ako nagdalawang-isip na gawin ang nasa isip ko at agad na akong tumayo.

“Stop the bus!” Bigla akong napasigaw sa loob ng bus pero hindi ito humihinto at mula sa rearview mirror ng bus ay nakita kong wala man lang reaksiyon ang mukha ng driver. Tila blangko rin ang kanyang mga mata.

“Gwen!” Napasigaw si Richmond nang lumapit ako sa driver.

“I said stop the bus! Stop it!” Umiiyak na sinampal-sampal ko ang driver hanggang sa napabitaw siya sa manibela.

“GWEEEN!” Napasigaw si Richmond at naramdaman ko na lang na bigla niya akong niyakap.

At pagkatapos ng ilang sandali... ay biglaang nabangga ang bus na sinasakyan namin.

Dahil sa kagagawan ko.

“I... I love you, Gwen,” ang huling salitang narinig ko mula kay Richmond. Yakap-yakap niya ako.

“Mahal rin k-kita, Richmond.”

Isang patak ng luha ang bumagsak mula sa mata ko.

Hanggang dito na lang ako...

“Isang bus ang nabangga sa daang ito. Nagkallasog-lasog ang katawan ng driver at bukod pa doon ay patay rin ang dalawang magkasintahan na natagpuan sa loob ng bus.”

Magkahawak kami ng kamay ngayon ni Richmond habang tinitignan ang mga nagkakagulong reporters, mga pulis, at mga pamilya namin. Umiiyak sila. Nagsisisi. Pero bakit ganito? Bakit wala kaming maramdaman? Bakit ni katiting na awa ay walang lumalabas mula sa amin? Ganito ba ang pakiramdam ng isang patay?

“Tayo na.” Hinawakan ni Richmond ang kamay ko at sabay kaming naglakad sa papunta sa puting liwanag.

Mahiwaga ang oras na alas tres.

Sa oras na ito, madalas naglalakbay ang kamatayan.

Madalas niyang kinukuha ang buhay sa oras na ito.

At sa kasamaang palad, isa ang buhay ko at ang buhay ni Richmod na napili niyang kunin sa oras na...

ALAS TRES.

Four years later...

“Teacher! Teacher! Naiihi po ako. Puwede bang huminto tayo?”

“Hay naku, Ramon. Di ba, sabi ko kanina bago sumakay sa bus, magwiwiwi muna? Tsk, ikaw talaga!”

“Ano ba ’yan, Ramon! Field trip natin, ihi ka nang ihi!”

“WAHAHAHAHA!”

“Tsk. Manong, paki-stop po muna ng bus. May estudyante kaming iihi muna.”

“O, umihi ka na diyan sa may waiting shed...”

“Teacher...”

“O? Akala ko iihi ka?”

“Teacher, may babae po sa waiting shed.”

“Huh? Ano’ng pinagsasasabi mo? Umihi ka na.”

“Teacher, duguan po ’yung babae... tapos... tinuturo niya po ’yung driver ng bus natin na pugot na ang ulo... Teacher? Ba’t duguan po kayo? Bumangga po ba tayo?”

SEEN.

Axel, I know you're hurt okay? At alam kong ako ang dahilan nun. I'm sorry if you felt that I degraded you. It's just that I wasn't in my right mind that time and also, I was drunk. Look, Axel. I'm really sorry. Puwede bang tayo na lang ulit? Mahal na mahal kita, Axel. Mahal na mahal. I want you. Your body. Ikaw. Mahal na mahal kita. Huwag mo sanang isipin na puro makamundong pagnanasa lang ang hanap ko sayo. I love you.

Seen by Axel. 3:00 am. Friday, August 13, 2015.

██████████
“Aya? Why are doing this to me?”

“Axel, I'm sorry pero break na tayo.”

“Break? Why? Dahil ba sa lalaking ito?”

Akmang susuntukin ni Axel si Hiro, mabuti na lang at pumagitna ako agad.

“Axel! Ano ba! I said break na tayo! Not because of Hiro, but because of you! Because of your attitude na hindi ko maintindihan! Because of your jealousy! Because of everything about you! This is all because of you!”

Hindi ko namalayan at napasigaw na pala ako sa public place, specifically dito sa loob ng food court ng mall. Nagtinginan ang mga tao sa amin. Nakakahiya.

“Aya.” Nakita ko pang umiyak si Axel pero hindi ko

na iyon pinansin at naglakad na lang habang hila-hila si Hiro.

“Aya! Please, nagmamakaawa ako!” Sumigaw si Axel at hindi na ako nag-atubiling lumingon.

Axel is my boyfriend, I mean my ex-boyfriend... at kaka-break lang namin two minutes ago.

“Cool,” sabi ni Hiro.

“Tss. Sinabi mo pa. I have boys wrapped around my little fingers. Pag gusto ko sila, I’ll do anything to taste and own them. Pag nagsawa na ako, baboosh,” I replied at napangiti na lang na parang demonyita.

Actually, ’yung sinabi ko kay Axel, kasinungalingan lahat ’yun. Mabuti naman talagang tao si Axel, eh. Mabait. Matalino. Mayaman. Pero nagsawa na ako sa kanya.

Madali talaga akong magsawa sa mga bagay-bagay lalo na sa lalaki. Matagal na ang dalawang linggo sa ’kin. Usually, two days ang minimum sa ’kin. Swerte na si Axel at tumagal siya ng isang linggo at kalahati bilang boyfriend ko. Ayoko ng seryosong relasyon. Gusto ko, fling-fling lang. ’Yung tipong walang kadenang nakatali sa isa’t isa. Malaya kumbaga.

Pero itong si Axel, nahulog yata talaga sa akin. Pero kasalanan ko ba kung maganda lang talaga ako?

“Mmm...” Idiniin ni Hiro ang zipper niya sa bewang ko. Ramdam ko na siya, pero wala ako sa mood eh.

“Hiro, not until you’re circumcised, okay?” sabi ko saka lumapit sa refrigerator ng condo unit ko, kumuha ng pitsel at uminom ng tubig.

“But I want it now, Aya. Tuyong-tuyo na ako. I want to f*ck.” Hinalikan ako ni Hiro sa leeg, nabastusan ako kaya sinabuyan ko siya ng malamig na tubig sa mukha.

“Sh*t! What’s your problem, slut?” sigaw niya.

“Ano’ng sinabi mo?” kumukulo ang dugong tanong ko.

“I said, YOU. ARE. A. SLUT!”

“Slut? At ’yun pa talaga ang nasabi mo ha? Pwes...” Lumapit ako sa kanya. Akala niya, hahalikan ko siya nang bigla kong tinuhod ang private part niya. Hindi siya nakapagsalita sa sobrang sakit. I thought hindi na siya makakagalaw pero nagulat na lang ako nang bigla siyang tumayo at hinawakan ang parehong kamay ko at tinalian ng lubid na hindi ko alam kung saan niya nakuha. Hindi ako nakapalag nang ihiga niya ako sa kama.

Hinalikan ni Hiro ang leeg ko at sa pinakaunang pagkakataon ay naramdaman ko ang pakiramdam ng binaboy. Wala akong nagawa. Hiro almost came inside me nang biglang dumating ang isang lalaki. Si Axel.

“G*go ka!” sigaw ng bagong dating habang sinasapak si Hiro. Hindi ko namalayang bumagsak na pala ang huli sa sahig.

Agad na lumapit si Axel sa akin at kinalas ang tali sa mga kamay ko. Tinakpan niya rin ang katawan ko ng puting damit.

“Axel! Salamat at dumating ka.” Napayakap ako kay Axel, umiiyak at nagsisisi sa ginawa kong pakikipag-break sa kanya. Karma? Ito na ba 'yun?

“I’m sorry, Axel. I’m really sorry kung naging bitch ako sa ‘yo. I’m sorry.” Napaiyak ako. Hiyang-hiyang ako sa sarili ko.

“It’s okay but... please, Aya, don’t break up with me,” usal ni Axel at sumang-ayon ako sa sinabi niya.

Kami na ulit. Promise ko rin ‘yan sa sarili ko.

But after two nights...

“Hi, John here.” Inabot ng lalaki ang kamay niya sa ‘kin at nakagat niya ang labi niya nang makita ang cleavage ko.

“Aya.” I smiled. Nagkamay kami at umupo ako sa tapat niya.

Nagkuwentuhan kami at nag-inuman hanggang sa malasing kami at nauwi ang lahat sa sex sa unit ko. Maaabot na namin ang climax nang biglang dumating si Axel. Bigla niyang nabitawan ang hawak niyang box. Tumalon mula roon ang isang mamahaling singsing at tumama iyon sa sahig. Monthsary pala namin ngayon. Nakalimutan ko ata.

“Ahhh! F*ck you, Aya! I’m going to c*m! Uhh, uhh!” Sa pagsigaw na iyon ni John ay biglang nagdilim

ang paningin ni Axel. Lumapit siya sa lamp table at dinampot ang isang bote ng wine, lumapit kay John at...

“AXEL! HUWAG!” Napasigaw ako sa takot nang akmang ipapalo na ni Axel ang boteng hawak sa ulo ni John. Pero hindi iyon ginawa ng kasintahan ko at pinatumba niya lang si John sa makailang beses na pagsuntok.

“She’s my girlfriend! She’s....” Napahinto si Axel sa pagsuntok kay John nang mapagtanto niyang halos hindi na humihinga ang lalaki.

Napaiyak na lang ako sa kama. Ipapaliwanag ko sana sa nobyo ko ang lahat pero agad niyang binitawan si John. Lumakad siya at bago siya lumabas ng unit ay malungkot na napatingin sa kin.

I really felt guilty.



“I love you, Aya. Mahal na mahal kita.” Habang magkatabi kaming nag-i-stargazing, bigla iyong sinabi ni Axel.

“Kahit masyado nang madami ang kasalanang nagawa ko sa ‘yo?” tanong ko.

Katahimikan ang isinagot niya pero makalipas ang ilang sandali ay sinabi niya, “Kahit pa anong kasalanan ang gawin mo, papatawarin kita. Huwag mo lang akong iwan, Aya. Ikakamatay ko pag hindi na maging tayo.”

Hindi ko alam kung pagmamahal ba o awa ang

nararamdaman ko kay Axel. Masyado siyang obsessed sa 'kin at naiilang ako d'un pero at the same time ay naaawa rin ako dahil nga... masyado niya akong mahal. How could I cheat on him when his love for me is so pure? Or should I find another way for him not to follow me anymore?

“Aya, do you want this teddy bear? How about this stuffed toy? This one. Or this—”

“Axel, ano ba! I want to go home! I'm so tired! Hindi ka ba napapagod?” For the second time around, nasigawan ko siya in public. Maraming nakakitang tao, panay rin ang bulungan nila.

“Sige, walang problema.” Ngumiti siya pero 'yung tipong may kahalang lungkot.

Sa bawat oras na nasasaktan siya nang dahil sa 'kin ay nakokonsensya ako. Hindi ko talaga maintindihan si Axel; kung paano niya natitiis ang ugali ko. Fine! Sabihin na nating mahal niya ako, pero naitanong ba niya sa akin kung ano'ng nararamdaman ko sa kanya? I only feel pity for him! Naaawa lang ako sa kanya, and at the same time, thankful for all the times that he saved me. Oh, except for the time that I was having sex with John. Ginusto ko 'yun! Nasarapan ako noon.

“Axel? Mahal mo ba talaga 'yang si Aya?”

“Oo nga, bro! Masyado ka niyang sinasakal. Lahat

ng gusto niya, sinusunod mo. Ano'ng akala niya sa 'yo, aso?"

"Mayaman ka, dude, gwapo, malakas ang sex-appeal. Marami pang magkakagusto sa 'yo bukod diyan sa Aya na 'yan."

Tatlong metro ang layo ko mula kay Axel at sa mga kabarkada niyang nagbi-billards. Alam kong pinaparinggan nila ako sa lakas ng boses nila. But I don't get affected. Jusko! Nasisiyahan nga akong pinapayuhan nila si Axel nang ganyan, eh. I'm hoping na matatauhan siya.

"Nope! I know that Aya loves me. Ganyan lang talaga siya mag-express ng love sa 'kin. Cariño brutal." Kumindat si Axel sa 'kin na ikinainis ko. Yeah, I admit that my boyfriend is hot, pero ayoko talaga sa kanya. Masyado siyang boring. Masyado siyang conservative. Kahit sex ayaw niya kasi gusto niya, pagkatapos na ng kasal namin saka gawin iyon. What the f*ck? Ano siya, nasa panahon ni Mahoma? Masyado siyang makaluma.

Bwisit talaga! Noong hinawakan ko nga minsan ang c*ck niya, bigla niya akong sinampal. Ang bastos ko raw. Shit talaga.



"Seriousness? Iyan lang yata ang word na wala sa vocabulary ni Aya."

"Yeah! Right, girls, ayaw niya ng seryoso. She just wants flings."

“But why, Aya? Is it because of your dad? Your dad na hindi sineryoso ang mom mo? Na siya ring nang-rape sa 'yo noong fourteen years old ka pa lang? Di ba sabi mo, nasarapan ka? So ngayon? Anyare, girl? Is that why you're—”

“Stop it! Damn you!” sigaw ko nang malakas. How dare them talk about my past? Lumayas ako sa bar na iyon habang umiiyak.

How could they say it to me? Masyadong masakit ang mga salita nila. Gusto kong lagyan ng hito ang mga puwet nila. Bwisit sila.

Habang naghihintay ng taxi, nakita kong bumandera sa harapan ko ang kotse ni Axel.

“Hey?” he shouted with a smile.

I just rolled my eyes. “Stop following me!” Napasigaw ako nang di-oras. Inihinto naman niya ang pagsunod sa 'kin ng kanyang kotse.

“Is there any problem?” tanong niya.

“Problem? Huh!” Pumasok ako sa kotse niya saka naghubad ng damit sa harapan niya. As I kissed him, I was also guiding him to touch my breasts and my private part. Idiniin ko ang finger niya sa pagitan ng mga hita ko.

“F*ck me, Axel! F*ck me! Ito lang naman ang gusto mo, di ba? Go for it! Then after doing it, leave me!” sigaw ko kanya habang pinagpapatuloy ang ginagawa ko sa kanya.

“Aya, stop!” Tumatanggi siya pero alam ko kung paano tunawin ang kontrol ng isang lalaki. “AYA! Stop this!” For the first time, narinig kong sumigaw ang mahinahong si Axel.

“Do you think that the only thing I wanted from you is your body? Well, nagkakamali ka! Aya, mahal kita! And I respect you! Hindi mo ba naiintindihan 'yun? Masyado bang mababa ang tingin mo sa 'kin? At akala mo rin ba, hindi ko nararamdaman na ayaw mo sa 'kin, though I'm trying my best be loved by you? Pero sige, dahil ito naman talaga ang gusto mo... I'll quit!” Umalis si Axel ng kotse at naiwan akong tulala at nasasaktan.

What have I done? Anong katangahan na naman ba ang ginawa ko?



Axel, can we talk? Binura ko ang mensahe bago ko pa man iyon maipadala.

Para akong sira ngayon. Kanina pa ako bumubuo ng message sa *Facebook* account ni Axel. Pero panay naman ang bura ko ng mga iyon. Alam kong ang b*tch ng dating pero nami-miss ko siya matapos ang mga ginawa ko sa kanya nang nakaraang mga araw.

Nag-scroll down ako sa profile niya at maraming nalaman tungkol sa aking nobyo. Madami siyang likers at kahit anong anggulo ng pictures niya, stolen man o sinasadya, I admit that he's a good-looking guy. He's hot.

“I miss you, Axel,” malungkot na bulong ko sa sarili nang makita ko ang isang picture kung saan may hawak siyang bouquet of flowers. May nakasabit doong card na may nakasulat na mga katagang “FOR MY AYA.”

Ewan ko pero bigla akong naluha nang makita ang picture. Actually, gusto ko naman si Axel, eh. Pero natatakot lang talaga akong magkaroon ng commitment sa isang tao dahil natatakot akong maging katulad ako ng mom ko. She killed herself after my effin’ dad left him. Oh, please! Ayaw ko nang maalala ’yun.

Tumalon ang mom ko sa isang building, nagkalasog-lasog ang katawan niya. I saw it. I saw everything! And the reason why she killed herself, was my dad!

Iyon ang dahilan kaya ayoko ng sobrang close na relationship. Natatakot akong maiwan mag-isa.

Napatigil ako sa pag-iyak nang may makita akong mga widadong litrato ni Axel. Iyong isa, parang tinatangka niyang laslasin ang kanyang pulso. Iyon namang isa, parang tinatali niya sa leeg ’yung lubid, at ’yung isa naman ay may hawak siyang bote ng sleeping pills na mukhang iinumina niya. Akala ko trip lang niya ’yun pero nang makita ko ang mga dates ng pictures ay bigla akong kinabahan. Iyon ’yung mga araw kung kailan nagkaroon kami ng matinding away o kaya ay nasasaktan ko siya.

“AHHH!” Bigla akong napasigaw nang biglang namatay ang ilaw sa loob ng bedroom ko. Akala ko blackout pero napundi lang pala ang ilaw ng kuwarto ko at sumabay pa yata 'yung sa sala at sa kusina.

Actually, hindi naman talaga ako matakutin pero biglang tumayo ang mga balahibo ko sa katawan nang magsindi ako ng kandila at namatay ito bigla.

Bukas naman ang monitor ng laptop ko kaya may ilaw pa rin kung tutuusin. Pero bakit ganito? Ba't parang may nakatingin sa 'kin?

I still love her but she gave up. What's the purpose of living my life now? It's useless.

2:45 am nang biglang mag-update ng status si Axel, kumirot ang puso ko kaya naisipan kong i-chat siya.

Axel, I know you're hurt, okay? At alam kong ako ang dahilan n'un. I'm sorry. I wasn't thinking straight at that time and I was drunk. Look, Axel. I'm really sorry. Puwede bang tayo na lang ulit? Mahal na mahal kita, Axel. Mahal na mahal.

Hindi nag-reply si Axel pero sineen niya ang message ko. Hindi ako nainis, in fact, natuwa pa nga ako kasi at least nakita niya, di ba? The next morning, hinintay ko pa rin ang reply niya sa *Facebook*. I even called him several times pero busy 'yung number niya.

Dumating na rin ang gabi at hindi ko pa rin naipapaayos ang ilaw kasi naging busy ako kahihintay sa sagot ni Axel. Nagsindi ako ng kandila at itinabi ko ito sa laptop. Pinatay ko ulit ang aircon kasi nalalamigan ako.

While waiting for Axel's reply, may narinig akong ingay mula sa kusina. Noong pinuntahan ko, nakita kong may nabasag na bote ng wine. Iyon 'yung bote na ipapalo sana ni Axel kay John n'ung nahuli niya kaming nagse-sex. Kinabahan ako, pero dinedma ko lang ang lahat.

Babalik na sana ako sa kuwarto ko nang biglang sumara ang pinto niyon nang malakas. Napaatras ako at nanlaki ang mga mata. Bumilis ang tibok ng puso ko lalo pa't sinag lang ng buwan ang nagbibigay-ilaw sa 'kin ngayon.

Papasok na sana ulit ako ng kuwarto nang masilip ko ang isang anino na umupo sa harap ng laptop ko. Para siyang may tina-type sa keyboard. Agad akong bumalik sa kusina para maghanap ng puwedeng ipalo sa kanya. Pero pagbalik ko, wala na 'yung anino. Namatay na rin ang apoy ng kandila. Tanging puting usok na lang ang natira.

"Hallucinations," pampalubag-loob ko sa sarili. Baka nga guni-guni ko lang ang lahat kasi mula kaninang umaga ay hindi pa ako kumain.

Sa tulong ng posporo, sinindihan ko ulit 'yung kandila. Nang lumiwanag na, agad kong idinikit ang mga daliri ko sa keyboard. Magta-type sana ako nang maramdaman ko ang kung anong malapot na likido sa mga daliri ko galing sa keyboard at napasigaw na lang ako nang makita ko ang maraming dugo.

“Tulong! Tulong!” Napaiyak ako ng di-oras, pero bigla akong natauhan nang tumunog ang speaker ng computer ko. May nag-message sa *Facebook*. Si Axel.

Napatingin rin ako sa keyboard, wala naman palang dugo. Hay. Hallucinations.

Okay. Tayo na ulit. Pero wag mo na akong iwan ha? sagot ni Axel sa message ko.

Halos tumalon ako sa tuwa at napayakap pa ako sa laptop.

Thank you, Axel! I love you.

Pagkatapos, biglang tumunog ang ringtone ng cellphone ko. Tumatawag si Mitchie, yung best friend ko na pinsan ni Axel.

“Aya?” Parang kinakabahan si Mitchie kaya pati ako, kinabahan na rin.

“Mitchie? Bakit?” tanong ko.

“Aya? Huwag kang mabibigla ha? Si Axel...”

Pagkabanggit sa pangalan ang biglang humangin nang malakas. Nagsitayuan ang mga balahibo ko.

“Bakit? Ano’ng nangyari kay Axel? Kaka-reply lang niya sa ‘kin sa *Facebook*,” kinakabahang sagot ko.

“Ano? Nag-reply sa ‘yo si Axel?” Napasigaw si Mitchie sa kabilang linya. “Kailan pa?” dagdag niya.

“Ngayon lang,” sagot ko habang nakahawak sa mouse at nakatingin sa monitor.

“Aya, si Axel, patay na.” Muling humangin nang malakas dahilan kaya namatay ang apoy ng kandila na nasa tabi ng monitor. Biglang sumagi sa isip ko ‘yung

oras na may nakita akong anino dito sa kwarto ko na animo nagta-type sa keyboard ko. Hindi kaya si... Axel 'yun?

Naibagsak ko ang cellphone ko sa sahig nang mapagtanto ko ang bagay na iyon. Hindi ako makagalaw. Hindi ako makahinga nang maayos.

“Aya! Patay na si Axel! Kahapon pa! Natagpuan siyang patay sa kuwarte niya. Nagbigti siya. May letter rin na naiwan sa kuwarte niya; nakalagay dun na mahal na mahal ka niya pero hindi na daw niya nakayanan ang mga pinaggagagawa mo sa kanya. Aya, patay na si Axel! Paanong nag-reply siya sa 'yo?” dinig na dinig ko ang pagsigaw ni Mitchie sa telepono ko na kasulukuyang nasa sahig na.

Nakita ko namang biglang nag-off ang monitor at pagbukas nito ay nakita kong na-seen ni Axel ang reply ko sa kanya.

Thank you Axel! I love you.

Seen. 3:00 am. Friday, August 13, 2015.

Biglang namatay ang monitor at nagulat ako nang sandamukal na messages ang na-receive ko galing kay Axel.

Okay. Tayo na ulit. Pero wag mo na akong iwan ha?

Okay. Tayo na ulit. Pero wag mo na akong iwan ha?

Okay. Tayo na ulit. Pero wag mo na akong iwan ha?

Pagkatapos, biglang nag-off ang monitor. Napatingin

ako sa reflection doon ng isang duguang lalaki na may dalang tali. Si Axel. At nasa likuran ko siya.

“AAAH!” Napasigaw ako sa takot at kaba, tatakbo na sana ako papunta sa pinto nang biglang siluin ako ng taling hawak ni Axel at hilahin ako sa pamamagitan niyon. Tumama ang likod ko sa dibdib niya at naramdaman kong idinikit niya ang mukha sa tainga ko.

“Wag mo na akong iwan ha?” bulong ng duguang lalaki. Napatingala ako sa kanya at nakita kong wala na ang kanyang isang mata at basag din ang bungo.

Tumulo sa mukha ko ang dugo ni Axel at hindi ko namalayang nawalan na pala ako ng buhay.